REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN** BILANG 90-152

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKAROON NG SARILING SASAKYAN AT OPISYAL NA DRAYBER ANG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang tungkulin ng mga pinuno at halal ng bayan na magkaloob ng mabilis na pagkilos sa mga pangangailangan ng taong-bayan;

SAPAGKAT, bilang mga lingkod-bayan ay nararapat lamang na laging isaisip ang kapakanan ng mga nasasakupan;

SAPAGKAT, ang mabilis na paggampan sa mga karaingan ng mamamayan ay nagpapatunay ng isang pagtupad sa tungkuling sinumpaan para sa ikabubuti ng bayan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng sariling sasakyan ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay mabibisita ang mga lugar at taong may pangangailangan upang magawan ng kaukulang kapasiyahan at kautusang bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli ang pagkakaroon ng sariling sasakyan at opisyal na drayber ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 111 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Hunyo, 1990 sa bulwagang Pambayan ng Taga-usig.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/
Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

INISPONSOR NI KON. RUFINO B. JOAQUIN

SINANG-AYUNAN NG LAHAT NG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NA DUMALO

HINDI DUMALO : KGG. REY E. BULAY AT KGG. EPIFANIO ESPELETA